

KARANIWANG MGA KATANUNGAN:

1. Ano ang Tanggapan ng mga Apela sa Buwis (OTA, Office of Tax Appeals)?

Ang OTA ay isang independyenteng grupo na itinatag upang gumawa ng walang kinikilingang mga pasya sa mga pagtatalo sa buwis sa pagitan ng mga nagbabayad ng buwis at mga ahensiya ng buwis sa estado. Ang OTA ay itinatag noong Hulyo 1, 2017 ng Batas sa Pagkamalinaw at Pagkamakatarungan sa Nagbabayad ng Buwis ng 2017 (Taxpayer Transparency and Fairness Act of 2017) at nagsasagawa ng mga pagdinig sa apela para sa iba-ibang mga buwis at kabayaran na pinangangasiwaan ng Kagawaran ng Pangangasiwa ng Buwis at Kabayaran sa California (CDTFA, California Department of Tax and Fee Administration) at ng Lupon ng Buwis sa Prankisa (FTB, Franchise Tax Board). Ang OTA ay isang independyenteng grupo, hiwalay at naiiba mula sa mga ahensiya ng buwis sa estado. Kapag nagsampa ka ng apela sa OTA, binibigyan ka nito ng pagkakataon na iharap ang iyong kaso sa isang lupong may tatlong miyembro ng mga Hukom sa Administratibong Batas (ALJ, Administrative Law Judge) at makakakuha ng nakasulat na pasya.

2. Anong mga uri ng mga buwis ang maaari kong iapela sa OTA?

Karamihan sa mga buwis sa estado ng California na pinangangasiwaan ng FTB at CDTFA ay maaaring iapela sa OTA, kabilang ang buwis sa personal na kita, prankisa at kita ng korporasyon, pagbebenta at paggamit, at gasolina. Hindi dumidinig ang OTA ng mga kaso tungkol sa mga buwis sa ari-arian, buwis sa alak, buwis sa seguro, at buwis sa pagsulong ng trabaho.

3. Mayroon bang limitasyon sa panahon para sa pagsampa ng apela?

Oo. Ang limitasyon sa panahon para sa pagsampa ng apela ay nagdedepende sa uri ng aksyon o abiso sa buwis na iyong inaapela. Karaniwan, kung mayroon kang karapatan na umapela, ipapahiwatig ng abiso sa buwis ng ahensiya ang huling araw para sa pagsampa ng apelang iyon sa OTA. Kung ang abiso sa buwis na iyong natanggap ay walang kasamang huling araw para sa pagsampa ng apela, dapat kang makipag-ugnayan sa ahensiya ng buwis, o sa aming Ombudsperson ng OTA upang malaman kung maaari kang umapela, at kung gayon, ano ang iyong magiging huling araw. Isasaalang-alang ng OTA na nakasampa ang iyong apela sa petsa ng tatak-koreo o kung hindi man sa pagpapadala sa isang serbisyong pagpapadala, o sa petsa na natanggap ng OTA kung isinumite mo ito nang elektroniko. Kung ang huling araw ng pagsumite ng iyong apela ay tumapat ng isang Sabado, Linggo o piyesta opisyal, ang huling araw ay magiging sa susunod na araw ng negosyo.

A. Mga Limitasyon sa Panahon para sa mga Apela mula sa isang Aksyon ng FTB:

Kung nakatanggap ka ng Abiso ng Aksyon mula sa FTB, o isang abiso na nagpapatibay ng ipinanukalang pag-aayos ng nakaraang balanse, dapat kang magsumite ng iyong apela sa OTA nang hindi lalampas sa petsang nasa Abiso ng Aksyon, o 30 araw mula sa petsa na ipinadala ng FTB ang abiso, alinman ang mas huli. Gayundin, mayroon kang 30 araw na umapela kung nakatanggap ka ng Abiso ng Aksyon na nagtatanggi ng pagbabawas ng hindi binayarang interes, o isang abiso mula sa FTB na nagkakaloob o nagtatangi ng kaluwagan sa inosenteng asawa.

Kung nagsampa ka ng paghahabol para sa isang pagsasauli ng ibinayad na buwis, mga multa, kabayaran, o interes, at hindi tinanggap o tinanggihan ng FTP ang iyong paghahabol sa loob ng anim na buwan pagkatapos mong isumite ang paghahabol,

maaari kang magsampa ng iyong apela anumang oras makalipas ang anim na buwan. Kung tatanggihan ng FTB ang iyong paghahabol sa pamamagitan ng sulat, dapat kang magsumite ng iyong apela nang hindi lalampas sa 90 araw mula sa petsa na ipinadala ng FTB ang abiso na nagtatanggi ng paghahabol.

B. Mga Limitasyon sa Panahon para sa mga Apela mula sa isang Aksyon ng CDTFA:

Karaniwan, kung nagsampa ka ng petisyon para sa isang muling pagpasya, administratibong pagtutol, o paghahabol para sa pagsasauli ng ibinayad sa CDTFA, lumahok sa proseso ng apela sa CDTFA, at tumanggap ng pasya kung saan hindi ka sumang-ayon, dapat kang magsumite ng iyong apela sa OTA sa loob ng 30 araw ng pasyang iyon. Kung nagsampa ka ng isang Kahilingan para sa Pagrepaso sa CDTFA, dapat kang magsumite ng iyong apela sa OTA sa loob ng 30 araw ng pandagdag na pasya.

4. Paano ako magsasampa ng apela sa OTA at saan ko ipapadala ito?

Walang ispesipikong pormularyo ang kailangan upang magsampa ng iyong apela, ngunit dapat nakasulat ito, sulat-kamay man o naka-type. Kahit pa tinatawag namin ang iyong unang pagsumite sa OTA na iyong “pambungad na buod,” maaari kang gumamit ng karaniwan at impormal na wika upang ipaliwanag ang mga nauugnay na katotohanan at mga partikular na dahilan kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa aksyon na ginawa ng ahensiya ng buwis. Paano mo man isusumite ang iyong apela, dapat kang magtabi ng kopya ng apela at anumang sumusuportang dokumento na nagpapakita ng petsa kung kailang mo isinumite ito, tulad ng katibayan ng pagkoreo o kumpirmasyon ng fax.

A. Kung gusto mong i-koreo ang iyong apela, dapat ipadala mo ito sa:

State of California, Office of Tax Appeals
P.O. Box 989880
West Sacramento, CA 95798-9880

B. Kung mas gusto mong ipadala ito sa pamamagitan ng fax, dapat ipadala mo ito sa (916) 492-2089.

5. Kailangan ko bang kumuha ng isang abogado o ibang propesyunal upang pangasiwaan ang apela?

Hindi. Ang mga proseso ng OTA ay inilaan upang gawin itong madali para sa kahit sino na magpakita ng kaso nang hindi nangangailangan ng anumang espesyal na legal na kaalaman. Maaari kang kumatawan sa iyong sarili sa iyong apela o maaari kang pumili ng ibang tao na kumatawan sa iyo. Ang iyong kinatawan ay hindi kinakailangang abogado o accountant. Kahit sino ay maaaring kumatawan sa iyo, basta't siya ay higit sa 18 taong gulang.

6. Ano ang dapat isama sa aking apela?

Ang iyong apela ay dapat nakasulat at dapat naglalaman ng sumusunod na impormasyon:

A. (Mga) pangalan ng (mga) tao o entidad na nagsusumite ng apela.

B. Tirahan at numero ng telepono ng bawat umaapela.

C. Tirahan at numero ng telepono ng bawat kinatawan ng umaapela, kung naaangkop.

D. Mga nauugnay na katotohanan at mga partikular na dahilan kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa ahensiya ng buwis. Bagama't hindi kinakailangang isama ang legal na mga awtoridad, katulad ng mga kautusan, regulasyon, at mga pasya ng korte o nangangasiwang ahensiya sa iyong apela, dapat isama mo sila kung sa tingin mo ay sumusuporta sila sa iyong posisyon.

E. Nauugnay na halagang dolyar, o isang pagtatantya ng nauugnay na halaga, kung alam.

F. Pagpapaliwanag ng anumang bahagi ng pasya ng ahensiya ng buwis na sumasang-ayon ka, at ang nauugnay na halaga, kung alam.

G. Pirma ng bawat tao na nagsusumite ng apela, at sinumang awtorisadong kinatawan.

H. Kung umaapela ka ng aksyon ng Lupon ng Buwis sa Prankisa, ang iyong apela ay dapat ding maglaman ng:

1. Numero ng segurong panlipunan o numero ng pagkakakilanlan ng nagbabayad ng buwis ng bawat tao o entidad na nagsusumite ng apela.
2. Ang (mga) nauugnay na taon ng buwis.
3. Kopya ng abiso ng FTB na iyong inaapela. Kung hindi ka nakatanggap ng abiso mula sa FTB, ngunit lumampas na ang anim o higit pang mga buwan nang nagsampa ka ng iyong paghahabol para sa pagsasauli ng ibinayad o kahilingan ng pagbabawas ng interes, dapat magbigay ka ng kopya ng paghahabol para sa pagsasauli ng ibinayad o kahilingan para sa pagbabawas ng interes na iyong isinampa sa FTB.

I. Kung umaapela ka sa aksyon ng CDTFA, ang iyong apela ay dapat ring maglaman ng:

1. Numero ng account ng CDTFA para sa bawat tao o entidad na nagsusumite ng apela.
2. Ang (mga) numero ng pagkakakilanlan ng kaso sa Kawanihan ng Apela ng CDTFA (CDTFA Appeals Bureau).
3. Ang petsa ng pasya ng Kawanihan ng Apela ng CDTFA na iyong inaapela.
4. Kopya ng pasya ng Kawanihan ng Apela na iyong inaapela.

Walang ispesipikong pormularyo na dapat mong gamitin upang magsampa ng iyong apela sa OTA. Bagama't maaring marinig mo ang terminong “buod,” maaari kang gumamit ng karaniwan at impormal na wika upang ipaliwanag ang mga nauugnay na katotohanan at mga partikular na mga dahilan kung bakit ka umaapela. Ang iyong sulat ng apela ay ituturing bilang iyong pambungad na buod, kaya mahalagang isama ang lahat ng mga katotohanan na sumusuporta sa iyong apela.

7. Saan ako makakuha ng tulong sa pagsampa ng aking apela?

Makipag-ugnayan sa Ombudsperson ng OTA na si Dana Holmes para sa karagdagang mapagkukunan o impormasyon tungkol sa proseso ng pag-apela. Maaari kang makipag-ugnayan sa Ombudsperson sa pamamagitan ng email sa info@OTA.ca.gov o sa pamamagitan ng telepono sa 916-206-4355.

Ang mga kawani sa OTA ay hindi maaaring magbigay ng legal na payo, ngunit maaari kang isangguni sa mga legal na mapagkukunan kung kailangan mo ng tulong na hindi kaugnay sa mga pamamaraan.

8. Paano ko malalaman na nasampa na ang aking apela?

Magpapadala sa iyo ang OTA ng nakasulat na pagtanggap na ang iyong apela ay natanggap.

9. Ano ang isang Pagdinig ng Pagpapahayag?

Ang pagdinig ng pagpapahayag ay ang pagkakataon mo upang iharap ang iyong kaso, sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng mga dahilan para sa iyong apela, pagtatawag ng mga saksi, at pagpapakita ng mga dokumento na sumusuporta sa iyong apela nang direkta sa isang lupon ng mga hukom sa administratibong batas. Ang ahensiya ng buwis na gumawa ng pasya na iyong inaapela ay dadalo rin sa pagdinig at iharap ang kaso nito. Maaari kang pumili na gawin ang iyong pagdinig ng pagpapahayag sa Sacramento, Los Angeles, or Fresno.

10. Kinakailangan ko bang magkaroon ng Pagdinig ng Pagpapahayag? Maaari ko bang ipapasya ang aking apela nang wala nito?

Mayroon kang karapatan sa pagdinig ng pagpapahayag, ngunit hindi kinakailangan na magkaroon nito. Kung pipiliin mong hindi magkaroon ng pagdinig ng pagpapahayag, ipinapaubaya mo ang karapatan na iharap ang iyong kaso nang personal, at ang iyong apela ay papasyahan batay sa mga dokumentong isinumite mo at ng ahensiya ng buwis. Pipiliin mo man na magkaroon ng pagdinig ng pagpapahayag o ipapasya ang iyong apela batay sa nakasulat na talaan, ang lupon ng hukom sa administratibong batas ay magpapalabas ng nakasulat na pasya na ipapadala sa iyo.

11. Paano ko malalaman ang katayuan ng aking apela?

Ang iyong apela ay itatalaga sa isang taga-analisa ayon sa ahensiya ng buwis kung saan inaapela mo ang aksyon, at ang unang letra ng iyong apelyido o pangalan ng entidad ng negosyo. Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong nakatalagang analyst nang direkta para sa impormasyon tungkol sa katayuan ng iyong apela. Ang mga pagtatalaga ng taga-analisa ay makikita sa “[Makipag-ugnayan sa Amin \(Contact Us\)](#)” na pahina ng aming [website](#).

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa OTA sa pamamagitan ng telepono sa (916) 492-2635, sa pamamagitan ng fax sa (916) 492-2089, sa pamamagitan ng email sa info@OTA.ca.gov, sa pamamagitan ng sulat sa sumusunod na address:

Case Management
State of California, Office of Tax Appeals
PO Box 989880
West Sacramento, CA 95798-9880.

12. Paano ako hihiling ng pagbabago sa lokasyon kung saan gaganapin ang aking pagdinig ng pagpapahayag?

Anumang kahilingan para sa pagbabago ng lokasyon ay dapat gawin sa pamamagitan ng sulat. Maaari kang magpadala ng iyong kahilingan sa:

Case Management
State of California, Office of Tax Appeals

PO Box 989880,
West Sacramento, CA 95798-9880.

Bilang alternatibo, maaari mong i-email o i-fax ang iyong kahilingan sa Case Management, State of California, Office of Tax Appeals sa (916) 492-2089.

Kung ang iyong apela ay naitalaga sa isang taga-analisa ng apela sa OTA, maaari mong i-email ang iyong kahilingan sa taga-analisa na ang email address ay makikita sa “[Makipag-ugnayan sa Amin \(Contact Us\)](#)” na pahina ng [website](#) ng OTA.

13. Saan ko makikita ang mga pasya na dating ginawa ng OTA?

Ang mga pasya ng OTA ay makikita sa website ng OTA [dito](#). Dagdag pa, maaari ka pa rin umasa sa pamarisang mga opinyon ng Lupon ng Pagpareho (Board of Equalization) maliban kung ang katayuan ng pamarisan ay tinanggal ng OTA sa kasunod na pamarisang opinyon. Ang mga pamarisang opinyon ng Lupon ng Pagpareho ay makikita [dito](#).

14. Saan ko makikita ang mga patakarang naaangkop sa mga pagdinig sa OTA?

Ang link sa mga regulasyon ng OTA ay makikita sa [website](#) ng OTA. Kabilang sa mga regulasyon ang mga patakaran ng OTA para sa mga apela sa buwis. Ang mga panghuling regulasyon ng OTA ay pinoproseso pa at inaasahang makukumpleto sa Disyembre 31, 2018.

15. Ano ang mga kautusan at regulasyon at saan ko makikita ang mga ito?

Ang terminong “kautusan” ay tumutukoy lamang sa lehislatibong katawan ng pamahalaan, pederal man o estado. Ang mga regulasyon (minsan tinatawag na mga patakaran o administratibong batas) ay awtorisado ng mga kautusan at may bisa ng batas. Ang link sa mga regulasyon ng OTA ay makikita sa website ng OTA [dito](#).

16. Sino ang magpapasya sa aking apela?

Ang iyong apela ay papasyahan ng isang lupon ng tatlong hukom sa administratibong batas na may karanasan sa mga bagay sa buwis. Ang mga hukom sa OTA ay independyente sa mga ahensiya ng buwis na ang mga aksyon ay iyong inaapela. Pagpapasyahan ng lupon ang iyong apela kahit pa humiling ka ng pagdinig ng pagpapahayag o pinaubaya ang iyong karapatan sa pagdinig. Kung hindi mo pinili ang pagdinig ng pagpapahayag, pagpapasyahan ng lupon ang iyong apela batay sa nakasulat na mga dokumento na isinumite mo at ng ahensiya ng buwis sa panahon ng iyong apela, kabilang ang mga buod (mga pahayag ng mga katotohanan at batas), mga sulat, at kasamang mga dokumento.

17. Maaari ko ba ipadiskwalipika ang isang hukom mula sa pagdinig ng aking apela?

Oo, maaari mong hilingin na idiskwalipika ang isang hukom kung mayroong mabuting dahilan at kumilos ka nang napapanahon. Ang mga hukom sa OTA ay diskwalipikado rin mula sa pagsali kung natukoy na mayroong salungatan ng interes na hindi nila mapangasiwaan ang apela nang pantay at walang kinikilingan. Maaari mong hilingin sa isang hukom na idiskwalipika ang kanyang sarili mula sa iyong apela, ngunit dapat maipakita mo na ang hukom ay pumapanig laban sa iyo, kasangkot sa iyong kaso bago naitalaga bilang hukom, o may personal o pinansyal na interes sa iyong kaso. Ang kahilingan ay dapat gawin sa lalong madaling panahon na alam mo aling mga hukom ang naitalaga sa iyong apela. Maaari mo ring hamunin ang hukom anumang oras sa pagdinig kung kinakailangan, ngunit tanging kung hindi mo alam ang dahilan ng iyong hamon bago ang pagdinig.

18. Ano ang mangyayari kung ang isang hukom ay diskwalipikado na idinig ang aking apela?

Kung ang isang hukom ay diskwalipikado mula sa pagdinig ng iyong apela, isa pang hukom ang itatalaga upang palitan ang diskwalipikadong hukom.

19. Paano ako magsasampa ng reklamo laban sa isang hukom?

Kung naniniwala ka na ang isang hukom ay kumikilos sa hindi propesyunal na paraan, maaari kang magsampla ng reklamo sa Tanggapan ng mga Apela sa Buwis sa pamamagitan ng e-mail sa info@OTA.ca.gov, o sa pamamagitan ng pagsulat sa State of California, Office of Tax Appeals, P. O. Box 989880, West Sacramento, CA 95798-9880, Attn: Chief Counsel. Ang lahat ng mga reklamo ay agad na iimbestigahan.

20. Bukas ba sa publiko ang mga pagdinig sa OTA?

Oo. Ang mga pagdinig sa OTA ay karaniwang bukas sa publiko. Gayunpaman, ang mga nagbabayad ng buwis ay maaaring humiling na ang pagdinig ay isara mula sa publiko sa sumusunod na mga sitwasyon:

A. Kung saan ang apela ay nagsasangkot ng mga sekreto sa kalakal, kumpidensyal na pananaliksik o pagsulong, o iba pang impormasyon na maaaring magsanhi ng kahihyan o panliligalig,

B. Kung saan kinakailangan ito upang matiyak na ang nagbabayad ng buwis ay maaaring katawanin ng tao na kanilang pinili, o

C. Kung saan kinakailangan ito upang matiyak ang makatarungang pagdinig.

21. Isasapubliko ba ang impormasyon ng aking kaso?

Kapag nagsumite ka ng apela, pinaubaya (o sinuko) mo ang iyong karapatan sa pagkakumpidensyal kaugnay sa lahat ng impormasyong ibinigay sa OTA kaugnay sa apela. Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring humiling ng mga kopya ng mga dokumentong isinumite sa OTA; Gayunpaman, ang OTA ay hindi ibibigay ang iyong tirahan, numero ng telepono, numero ng segurong panlipunan, numero ng pederal na pagkakakilanlan, o ibang numero ng account.

PAGLIPAT NG MGA APELA MULA SA LUPON NG PAGPAREHO NG ESTADO SA OTA:

22. Kung ang aking apela ay nakabinbin sa Lupon ng Pagpareho ng Estado, paano magpapatuloy ang aking apela?

Kung mayroon kang nakabinbing apela sa Lupon ng Pagpareho ng Estado, ang iyong apela ay awtomatikong malilipat sa OTA. Kung hiniling mo ang isang pagdinig, ngunit wala pang naganap na pagdinig, diringgin ng OTA ang iyong apela. Kung hindi ka humiling ng pagdinig ng pagpapahayag, ang iyong apela ay papasyahan ng lupon ng mga hukom sa administratibong batas ng OTA batay sa mga nakasulat na dokumento na isinumite mo at ng ahensiya ng buwis sa panahon ng iyong apela, kabilang ang mga buod (mga pahayag ng katotohanan at batas), mga sulat, at kasamang mga dokumento.

Magpapadala sa iyo ang OTA ng sulat na natanggap ang iyong apela kasama ng iskedyul para sa pagsampa ng anumang mga buod na hindi pa naisampa.

BAGO ANG PAGDINIG:

23. Ano ang gagawin ko kapag nakatanggap ako ng abiso sa pagdinig ng pagpapahayag ng OTA?

Kapag ang iyong apela ay tinanggap at ang ahensiya ng buwis ay magsampa ng pambungad na buod (mga pahayag ng batas at mga katotohanan), matatanggap mo ang abiso na magtatanong kung gusto mo ng pagdinig ng pagpapahayag sa iyong apela. Kung hindi ka tutugon sa abisong ito, o kung sasabihin mo sa OTA na hindi mo gusto ng pagdinig ng pagpapahayag, ang iyong apela ay papasyahan batay sa nakasulat na dokumentasyon na isinumite mo at ng ahensiya ng buwis sa OTA. Kung sinabi mo sa OTA na gusto mong magkaroon ng pagdinig ng pagpapahayag, makatatanggap ka ng abiso ng petsa at oras na itinakda para sa pagdinig pagkatapos makumpleto ang pagtatagubilin. Kasama sa abiso ang pormularyo na iyong kumpletuhin upang kumpirmahin na gusto mo pa rin ng pagdinig ng pagpapahayag at maaari kang dumalo sa nakatakandang petsa sa oras na itinakda ng OTA. Kung hindi mo ibabalik ang pormularyong iyon, ang iyong kaso ay tatanggalin mula sa kalendaryo ng pagdinig, at ang apela ay papasyahan ng lupon ng tatlong hukom batay sa mga dokumento na isinumite mo at ng ahensiya ng buwis sa OTA.

24. Matututulongan ba ako ng OTA na ayusin ang aking apela?

Hindi. Hinihikayat kang ayusin ang iyong kaso nang direkta sa ahensiya ng buwis, ngunit hindi makatutulong ang OTA sa mga talakayang ito. Sa mga sitwasyon kung saan ikaw at ang ahensiya ng buwis ay sumang-ayon na pag-usapan ang pagkakasundo, dapat kang makipag-ugnayan sa OTA. Ipagpapaliban ng OTA ang pagsagawa ng aksyon sa iyong apela hanggang ang proseso ng pagkakasundo ay makumpleto. Maaari kang boluntaryong umatras sa iyong kahilingan na umapela kung magkakaroon ng kasunduan.

25. Makukuha ko ba ang aking pera kung magbabayad ako habang nakabinbin ang aking apela?

Kung inapela mo ang pasya ng isang ahensiya ng buwis na nagtasa sa iyo ng karagdagang mga buwis o multa, maaaring magpasya kang magbayad upang pigilan ang pagtaas ng interes. Kung umaapela ka mula sa pasya ng FTB at nagbayad ng mga buwis at multa, awtomatikong ituturing ng OTA ang iyong apela bilang kahilingan para sa pagsasauli ng ibinayad. Kung ang pasya na iyong inapela ay nanggagaling mula sa Kawanihan ng Apela ng CDTFA, kailangan mong

magsampa ng iyong paghahabol sa pagsasauli ng ibinayad sa CDTFA. Isususpende ng OTA ang iyong apela (ipagpapaliban) hanggang ang paghahabol para sa pagsasauli ng ibinayad ay naproseso ng CDTFA.

26. Ano ang pagpupulong bago ang pagdinig?

Ang mga pagpupulong bago ang pagdinig ay maaaring hilingin ng mga nagbabayad ng buwis, ahensiya ng buwis, o OTA mismo. Ang mga pagpupulong bago ang pagdinig ay karaniwang isinasagawa sa pamamagitan ng telepono, bagaman minsan ang personal na pagdalo ay maaaring hilingin. Ang mga pagpupulong bago ang pagdinig ay karaniwang kinakailangan sa mas kumplikadong mga kaso upang pahintulutan ang mga partido na talakayin ang mga isyu at dokumento na isasaalang-alang sa pagdinig. Maaaring talakayin ang ibang mga bagay upang tulungang mapadali ang proseso ng pagdinig. Ang pagpupulong bago ang pagdinig ay isa ring pagkakataon na makita kung ang mga partido ay maaaring sumang-ayon sa ilang balidong mga katotohanan bago ang pagdinig. Ang pagpupulong bago ang pagdinig ay makatutulong na bawasan ang haba ng panahon na kinakailangan upang isagawa ang pagdinig. Walang mga pasya ang gagawin sa pagpupulong bago ang pagdinig tungkol sa mga merito ng kaso.

Ang mga pagpupulong bago ang pagdinig ay maaaring isagawa ng abogado ng OTA o hukom sa administratibong batas. Kung ang pagpupulong ay isinagawa ng isang hukom sa administratibong batas, idodokumento ng hukom ang anumang kasunduan o ibang mga bagay na naganap sa pagpupulong bago ang pagdinig. Kung kailangang kumpletuhin ng mga partido ang mga gawain bago ang pagdinig, ang hukom ay maaari ring maglabas ng mga tagubulin sa pagpupulong. Anumang mga minuto ng pulong kasunod sa pagpupulong bago ang pagdinig ay ipapadala sa parehong mga partido.

PAGPAPALITAN NG MGA DOKUMENTO AT EBIDENSYA:

27. Wala ako ng lahat ng mga dokumento na kailangan ko upang patunayan ang aking kaso. Paano ko makukuha ang mga ito?

Kahit pa nagbigay ka ng ilang mga dokumento sa ahensiya ng buwis sa buong proseso ng pagtatalo, wala ang OTA ng mga dokumentong ito maliban kung nakalakip ang mga ito bilang mga katibayan sa iyong sulat ng apela, iyong (mga) buod, o (mga) buod ng ahensiya ng buwis. Kung kailangan mong kumuha ng mga kopya ng mga bagay na iyong binigay sa o natanggap mula sa ahensiya ng buwis, dapat makipag-ugnayan ka sa ahensiya upang kumuha ng mga kopya. Ang mga impormal na kahilingan at tugon ay hinihikayat. Inaasahan ng OTA na ikaw at ang mga ahensiya ng buwis ay magtutulong sa pagbubunyag at pagpapalit ng impormasyon.

Maliban kung hiniling at pinakita mo ang pangangailangan para sa dagdag na mga dokumento bago ang panahon na ang pagtatagubilin ay nakumpleto, limitado ka sa pagtanggap/pagpapalitan ng mga listahan ng testigo (at nilalaman ng testimonya ng ekspertong testigo), mga katibayan, at kopya ng anumang nakasulat na mga pagpapahayag.

Kung sinubukan mong kumuha ng ebidensya na kinakailangan sa iyong kaso sa pamamagitan ng impormal na pamamaraan, ngunit hindi mo nakuha ang ebidensya, maaari kang humiling na tulungan ka ng OTA sa pagkuha ng ebidensya. Dapat kang humiling ng tulong na ito kasama ng pagpapaliwanag kung bakit ang mga hinihiling na dokumento ay may kaugnayan at hindi maaaring makuha sa impormal na paraan. Hindi isasaalang-alang ng OTA ang mga dokumento o ibang mga materyales na walang kaugnayan o naglilikha ng sobrang pasanin upang ibigay.

28. Ano ang gagawin ko kung gumawa ako ng kahilingan para sa mga dokumento ngunit hindi ko natanggap ang hiniling na mga dokumento?

Mayroong mga pormal na paraan na maaaring gamitin upang kumuha ng impormasyon kung ang iyong mga impormal na kahilingan ay hindi pinapansin. Para sa karagdagang pamamatuhan sa mga opsyon na magagamit para sa pagkuha ng impormasyong kinakailangan upang iharap ang iyong apela sa harap ng OTA, mangyaring makipag-ugnayan sa Ombudsperson ng OTA sa 916-206-4355 o sa pamamagitan ng e-mail sa info@OTA.ca.gov.

29. Paano ako magbibigay ng mga dokumentong gusto kong gamitin sa pagdinig sa mga hukom na nakatalaga sa aking apela?

Ang pinakamadaling paraan upang ibigay sa mga hukom ng OTA ng mga dokumentong sa tingin mo ay kinakailangang upang patunayan ang iyong kaso ay ang paglakip sa mga ito sa iyong unang sulat ng apela o sa tugon na buod (pahayag ng mga katotohanan at legal na mga argumento). Tingnan ang Madalas na mga Katanungan (FAQ, Frequently Asked Questions) tungkol sa kung paano magpadala ng impormasyon sa OTA.

30. Kung kailangan ko ng mga testigo sa aking pagdinig, paano ako makakatiyak na sila ay darating?

Kung ikaw ay may legal na kinatawan na awtorisado na maglabas ng subpoena, maaari kang makipag-ugnayan sa kanila upang gawin ito. Ang mga hukom ng OTA ay maaaring maglabas ng subpoena para sa pagdalo ng testigo kung sila ay mga kinakailangang testigo lamang na may nauugnay na impormasyon. Maaaring kinakailangan mong magbayad ng mga kabayaran sa pagpapadalo ng testigo at pagbyahe.

31. Paano ko malalaman kung anong ebidensya ang aasahan ng kabilang partido sa pagdinig?

Lahat ng ebidensyang isinaalang-alang ng OTA sa iyong apela ay ibinabahagi sa iyo at sa ahensiya ng buwis. Pagkatapos mong magsampa ng iyong apela, ang ahensiya ng buwis ay magpapadala sa iyo ng mga kopya ng mga dokumentong ipinadala nito sa OTA. Magpapadala rin ang OTA sa iyo ng mga kopya ng anumang natanggap nito mula sa ahensiya ng buwis. Kung nakatakda ang pagdinig ng pagpapahayag, ang pagpupulong bago ang pagdinig ay gagamitin, sa bahagi, upang kumpirmahin anong mga dokumento at ebidensya ang gagamitin sa pagdinig, at pagkatapos isasaalang-alang ng mga hukom.

32. Maaari ba akong magbigay ng dagdag na impormasyon o pagtatagubilin pagkatapos kong matanggap ang buod at mga dokumento ng ahensiya ng buwis?

Ang iyong unang sulat ng apela ay ituturing na iyong pambungad na buod (makatotohanan at legal na mga argumento). Ang ahensiya ng buwis ay magsasampa ng buod bilang tugon. Makatatanggap ka ng sulat mula sa OTA kapag naisampa ang buod ng ahensiya ng buwis, na magbibigay sa iyo ng 30 araw upang tumugon sa kung ano ang isinaad ng ahensiya ng buwis. Ang pagkakataon na magbigay ng karagdagang pagtatagubilin sa OTA ay hindi dapat gamitin upang muling isaad ang kung ano ang naipaliwanag na sa pambungad na buod.

33. Maaari bang humiling ang OTA ng karagdagang mga buod o ibang impormasyon mula sa mga partido?

Oo. Pagkatapos mo at ng ahensiya ng buwis na makumpleto ang mga pagtatagubilin (mga katotohanan at argumento), ang OTA ay maaaring humiling ng kung ano ang tinatawag na

karagdagang pagtatagubilin sa mga bagay na sa tingin ng OTA ay hindi pa ganap na naipaliwanag sa mga dokumento o buod.

34. Kailangan ko bang magbigay sa kabilang partido ng lahat ng hinihiling?

Kailangan mong magbigay sa ahensiya ng buwis ng mga listahan ng mga testigo na inaasahan mong tatawagin sa pagdinig, mga kopya ng mga dokumento na inaasahan mong ibigay sa OTA, at mga pagpapahayag ng mga testigo na hindi dadalo sa pagdinig. Responsibilidad ng ahensiya ng buwis na kumuha ng mga dokumentong kailangan nito upang suportahan ang panig nito sa kaso. Ang ahensiya ng buwis ay maaaring humiling na ng mga dokumento mula sa iyo bago nagsimula ang proseso ng pag-apela. Anumang iba pang mga kahilingan na ginawa sa pormal na paaraan; halimbawa, sa pamamagitan ng subpoena, ay nag-oobliga sa iyo na magbigay ng hinihiling na impormasyon.

PAGPAPATUNAY NG IYONG KASO SA PAGDINIG:

35. Paano ako magpapadala ng aking mga dokumento sa OTA?

Ang mga dokumento ay maaaring ikoreo sa OTA sa sumusunod na address:

Case Management
State of California, Office of Tax Appeals
PO Box 989880
West Sacramento, CA 95798-9880

Bilang alternatibo, maaari kang mag-fax ng mga kopya ng iyong ebidensya sa (916) 492-2089. Kung ang iyong apela ay naitalaga na sa isang taga-analisa sa OTA, maaari kang mag-email ng mga kopya ng iyong ebidensya sa taga-analisa sa kaniyang email address, na makikita sa "[Makipag-ugnayan sa Amin \(Contact Us\)](#)" na pahina sa aming [website](#). Mangyaring tiyakin na banggitin ang pangalan ng kaso at ang numero ng kaso sa lahat ng sulat sa OTA.

Dapat magpadala ka rin ng mga kopya ng anumang mga dokumento sa ahensiya ng buwis.

36. Paano ako maghahanda ng mga dokumento na gusto kong gamitin sa pagdinig?

Dapat ka ring maghanda ng iyong mga dokumento (mga katibayan at ebidensya) sa pamamagitan ng pagtatak sa mga ito ng mga numero (Katibayan 1, Katibayan 2, atbp.) Ang ahensiya ng buwis ay gagamit ng mga letra (Katibayan A, Katibayan B, atbp.) Magsama ng paunang pahina na naglilista ng bawat katibayan at katumbas na numero. Kung hindi ka pa nagpadala sa OTA ng katibayang plano mong gamitin sa iyong pagdinig ng pagpapahayag, kailangan mong magdala ng limang kopya ng iyong nakaayos na mga katibayan upang maibahagi ang mga ito sa mga hukom at kinatawan ng ahensiya ng buwis.

37. Maaari ko bang gamitin ang mga pagpapahayag o apidabit sa halip na dumalo ang testigo sa pagdinig?

Oo, gayunpaman, mayroong mga ilang pormalidad na dapat mong sundin. Ang mga pagpapahayag ay dapat pirmado sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling, at dapat isumite sa kalaban na partido nang hindi bababa sa 10 araw bago ang petsa ng pagdinig. Ang ahensiya ng buwis ay may pitong araw mula sa petsa na iyong kinoreo ang pagpapahayag upang tumutol sa paggamit ng pagpapahayag sa pagdinig.

38. May mga kopya ba ang OTA ng lahat ng mga dokumentong ipinadala ko sa ahensiya ng buwis?

Ang OTA at ang mga ahensiya ng buwis ay hiwalay at naiibang mga ahensiya. Pinipigilan kami ng mga batas sa pagkapribado na makuha ang mga talaan ng ahensiya ng buwis. Samakatuwid, ang ebidensyang dati mong isinumite sa ahensiya ay hindi isasaalang-alang sa iyong apela maliban kung ito ay isusumite mo o ng ahensiya sa amin.

ANO ANG MAAASAHAN SA PAGDINIG:

39. Sino ang makatutulong sa akin sa mga tanong tungkol sa paghaharap ng aking kaso?

Ang OTA ay may Ombudsperson na naroroon sa bawat pagdinig (at matatawagan at maaaring i-email bago ang pagdinig) upang sagutin ang anumang mga tanong sa mga pamamaraan na mayroon ka tungkol sa iyong kaso. Maaari kang makipag-ugnayan sa Ombudsperson ng OTA na si Dana Holmes sa 916-206-4355 o sa pamamagitan ng e-mail sa info@ota.ca.gov. Ang hukom sa administratibong batas na nakatalaga na pamunuan ang pagdinig ay sasagot din ng mga tanong na maaaring mayroon ka sa pagdinig mismo.

40. Saan ako makakakuha ng dagdag na impormasyon tungkol sa kung ano ang maaasahan sa pagdinig?

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang maaasahan sa pagdinig ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Ombudsperson ng OTA na si Dana Holmes sa 916-206-4355 o sa pamamagitan ng e-mail sa info@ota.ca.gov. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa OTA sa 916-492-2635, sa pamamagitan ng e-mail sa info@ota.ca.gov, o sa pamamagitan ng pag-fax ng iyong tanong sa numero ng fax ng OTA na 916-492-2089. Ang kawani ng OTA ay hindi makakapagbigay sa iyo ng legal na payo ngunit maaaring magbigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa iyong proseso ng pag-apela at tumulong sa iyong maghanap ng karagdagang mapagkukunan.

41. Maaari ba akong magdala ng pagkain o tubig?

Karaniwan, tubig lamang ang pinahihintulutan sa silid ng pagdinig. Kung mayroon kang medikal na pangangailangan na kumain ng pagkain sa panahon ng pagdinig, mangyaring makipag-ugnayan sa kawani ng OTA.

42. Ano ang dapat kong dalhin sa pagdinig?

A. Dapat mong dalhin sa pagdinig ang anumang mga dokumento na gusto mong gamitin bilang ebidensya na hindi mo pa naisumite sa OTA. Dapat kang magdala ng limang kopya ng anumang dokumento na gusto mong ipakita bilang ebidensya sa panahon ng pagdinig upang ang mga hukom, kinatawan ng ahensiya ng buwis, at mga testigo ay magkakaroon ng kopya. Kung naisumite mo na ang mga dokumento kasama ng iyong apela o mga buod, hindi mo kailangang magdala ng dagdag na mga kopya.

B. Kung mayroon kang mga testigo maliban sa iyong sarili na tetestigo sa pagdinig, napakahalaga na makipag-ugnayan ka sa kanila, ipaalam sa kanila kung kailan magaganap ang pagdinig, at tiyakin na dadalo sila sa pagdinig.

C. Kung mayroon kang anumang mga espesyal na mga pangangailangan na kailangan ibigay ng OTA, mangyaring makipag-ugnayan sa Ombudsperson ng OTA para sa karagdagang impormasyon. Kung kailangan mo ng tagapagsalin ng wika upang tulungan ka, at wala kang

makuha, maaari ka ring makipag-ugnayan sa Ombudsperson ng OTA upang malaman kung paano humiling ng isa.

43. Ano ang dapat kong gawin kung mayroon akong hindi maintindihan sa panahon ng pagdinig?

Ang mga pagdinig sa mga lupon ng tatlong hukom sa OTA ay idinisenyo na maging impormal. Ang mga nagbabayad ng buwis ay maaaring ikatawan ang kanilang sarili sa pagdinig o ikatawan ng sinumang tao na kanilang pinili. Ang kadalubhasaan sa batas sa buwis o espesyal na kaalaman ay hindi kinakailangan upang iharap ang isang apela. Anumang oras na mayroon kang tanong o mayroong hindi nauunawaan, itanong lamang sa mga hukom. Ang hukom na namumuno sa pagdinig ay maglalaan ng oras na kinakailangan upang sagutin ang anumang mga tanong o tugunan ang anumang mga alalahanin na maaaring mayroon ka. Lahat ng mga tanong ay papakinggan.

ANO ANG MAAASAHAN PAGKATAPOS NG PAGDINIG O PASYA:

44. Ano ang ibig sabihin na naisumite ang aking kaso?

Sa pagtatapos ng pagdinig ng pagpapahayag, ang kaso ay “isusumite” upang pribadong pag-usapan, pag-aralan ang ebidensya, at gawan ng pasya ng mga hukom. Walang dagdag na ebidensya ang maaaring ibigay sa OTA pagkatapos “maisumite” ang kaso. Kung mayroong pangangailangan para sa dagdag na impormasyon pagkatapos ng pagdinig, ang mga hukom ay maaaring panatilihin bukas ang talaan nang ilang panahon upang pahintulutan ka o ang ahensiya ng buwis na magbigay ng ebidensya. Kapag lumampas ang huling araw, ang kaso ay isusumite.

45. Gaano katagal bago makakuha ng pasya?

Karaniwan, ang lupon ng hukom sa administratibong batas ay maglalabas ng pasya sa loob ng 100 araw ng pagdinig. Ang pasya ng lupon ay maaaring makumpleto nang mas maaga, at ikokoreo sa iyo kapag ito ay aprubado ng hindi bababa sa dalawa sa tatlong miyembro.

46. Isasapubliko ba ang pasya ng aking kaso?

Oo. Ang OTA ay inaatang ilathala ang lahat ng mga pasya nito sa loob ng 100 araw mula sa petsa na naging panghuli ang mga ito. Ang mga pasya ng OTA ay inilalathala sa website ng OTA [dito](#).

47. Ano ang mangyayari kung hindi ako sumang-ayon sa pasya?

Kung mayroon kang mga bagong katotohanan o ebidensya na hindi mo naiharap sa iyong pagdinig o bago ang iyong nakasulat na pasya, maaari kang magsampa ng kahilingan para sa muling pagdinig. Ang kahilingan na iyon ay tinatawag na petisyon, at dapat gawin nang hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos inilabas ang nakasulat na pasya ng OTA. Ang lupon ng mga hukom sa administratibong batas na nagpasya sa iyong kaso ay pag-aaralan ang iyong kahilingan upang tukuyin kung mayroong sapat na batayan upang muling dinggin ang iyong kaso o pahintulutan ang paghaharap ng karagdagang mga dokumento at ebidensya. Kung ang iyong kahilingan para sa muling pagdinig ay ipinagkaloob, maihaharap mo ang mga bagong katotohanan o ebidensya sa isang pagdinig ng pagpapahayag. Kung ipapaubaya mo ang pagdinig ng pagpapahayag, ang iyong isinumiteng mga dokumento at anumang iba pang kaugnay na mga dokumentong isinumite ng ahensiya ng buwis ay gagamitin upang maglabas ng bagong pasya.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya pagkatapos maging panghuli ang pasya, maaari kang magsampa ng paghahabol para sa pagsasauli ng ibinayad sa Kataas-taasang Hukuman (Superior Court).

48. Kung ang aking apela ay tinanggihan at hindi ko kayang bayaran ang aking mga utang na buwis, ano ang maaari kong gawin?

Kung hindi mo kayang bayaran ang iyong mga pananagutan sa buwis nang buo, dapat makipag-ugnayan ka sa tanggapan ng ahensiya ng buwis upang magtanong tungkol sa posibilidad ng pagkaroon ng kasunduan sa hulugang pagbabayad. Dagdag pa, ang FTB AT CDTFA ay parehong may mga programang Alok sa Kompromiso (Offer in Compromise). Sa ilalim ng mga programang ito, maaari kang magbayad ng mas mababa kaysa sa buong halaga na iyong inutang kung makapagpakita ka na wala ka ng pera, mga ari-arian, o paraan upang bayaran ang iyong mga buwis nang buo sa nakikinitang hinaharap. Gayunpaman, ang OTA mismo, ay walang bahagi sa alinman sa mga programang ito.